

Responsableng Departamento: Mga Serbisyo sa Negosyo ng Korporasyon (Corporate Business Services)	YALE NEW HAVEN HEALTH PATAKARAN AT MGA PAMAMARAAN
Pamagat: Mga Programa sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Programs)	
Petsa ng Pagkakabisa: Mayo 1, 2025	
Inaprubahan ng: Board of Trustees ng YNHHS	
Uri ng Patakaran ng Sistema (I o II): Uri I	

LAYUNIN

Ang Yale New Haven Health (“Yale New Haven Health” o “YNHHS”) ay nakatuon sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong indibidwal na nangangailangan ng tulong sa pagbabayad para sa pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga. Layunin ng Patakaran sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy, “FAP”) na ito na:

- A. Ipaliwanag kung ano ang mga makukuhang tulong pinansyal sa ilalim ng FAP;
- B. Ilarawan kung sino ang kwalipikado para sa tulong pinansyal at kung paano mag-apply;
- C. Ilarawan kung paano kinakalkula ang mga singil sa pasyente para sa mga pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga para sa mga pasyenteng kwalipikado sa FAP;
- D. Tukuyin ang mga provider na saklaw at hindi saklaw ng FAP;
- E. Ilarawan ang mga hakbang na ginagawa ng mga ospital ng YNHHS para malawakang ipaalam sa publiko ang FAP na ito sa mga komunidad na pinagsisilbihan ng YNHSS; at
- F. Ipaliwanag kung anong mga kilos sa pagkolekta ang maaaring gawin dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil ng Yale New Haven Health.

PAGLALAPAT

Nalalapat ang patakarang ito sa bawat lisensyadong ospital na kaakibat ng YNHHS, kasama ang Bridgeport Hospital, Greenwich Hospital, Lawrence + Memorial Hospital, Yale New Haven Hospital, at Westerly Hospital (“Ospital” ang bawat isa). Bukod dito, ang mga programa sa tulong pinansyal ay sinusundan ng Northeast Medical Group, Yale New Haven Health Urgent Care, Visiting Nurse Association of Southeastern Connecticut, at Home Care Plus (bawat isa ay isang “Provider na Hindi Ospital ng YNHHS”).

PATAKARAN

- A. **Responsableng Opisyal.** Papangasiwaan ng Senior Vice President ng YNHHS, Revenue Cycle o ng kanyang itinalaga ang FAP ng YNHHS.
- B. **Saklaw at Listahan ng Provider**
 1. **Pang-emergency at Ibang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga.** Nalalapat ang FAP na ito sa mga pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga, kabilang ang mga serbisyo sa inpatient at outpatient, na sinisingil ng isang Provider na Ospital o Hindi Ospital ng YNHHS. Hindi kasama sa FAP ang: (a) pribadong kuwarto o mga pribadong nars; (b) mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan, tulad ng pinipiling kosmetikong operasyon; (c) iba pang pinipiling singil para sa kaginhawaan, tulad ng mga singil para sa telebisyon o telepono, at (d) iba pang diskwento o pagbabawas sa singil na hindi malinaw na inilalarawan sa patakarang ito.

Patakaran sa Mga Programa sa Tulong Pinansyal

2. **Listahan ng Provider.** Makikita ang listahan ng mga provider na nagbibigay ng pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga sa isang Ospital dito:

<https://www.ynhh.org/patients-visitors/billing-insurance/Financial-assistance>

Ipinapakita ng listahang ito kung saklaw ang provider sa ilalim ng FAP. Kung hindi saklaw ang provider sa ilalim ng FAP na ito, dapat makipag-ugnayan ang mga pasyente sa tanggapan ng provider para matukoy kung nag-aalok ang provider ng tulong pinansyal at kung oo, kung ano ang saklaw ng patakaran sa tulong pinansyal ng provider.

3. **Pagsunod sa EMTALA.** Dapat sumunod ang mga ospital sa Batas sa Pang-emergency na Medikal na Paggamot at Aktibong Pagtrabaho (Emergency Medical Treatment and Active Labor Act, EMTALA) nang ayon sa kanilang mga patakaran at pinagbabawalan din sila mula sa paggawa ng mga aktibidad na pipigil sa indibidwal mula sa pagkuha ng pang-emergency na medikal na pangangalaga. Wala sa FAP na ito ang naglilimita sa mga obligasyon ng isang Ospital sa ilalim ng EMTALA para gamutin ang mga pasyenteng may pang-emergency na kondisyong medikal.

C. Programa ng Tulong Pinansyal

1. **Mga Pangkalahatang Kinakailangan Para Maging Kwalipikado.** Magiging kwalipikado ang mga pasyente para sa tulong pinansyal na pagbabawas sa halagang kailangang bayaran para sa pang-emergency at/o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga ng indibidwal na pasyente (ngunit hindi kasama ang halagang dapat bayaran ng third-party na nagbabayad) kung matutugunan nila ang mga sumusunod na pamantayan:

- Sila ay (i) walang insurance at hindi kwalipikado sa anumang programang pangkalusugan ng gobyerno o sa isang kwalipikadong planong pangkalusugan sa ilalim ng Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (Affordable Care Act), o (ii) may kulang na saklaw sa insurance;
- Nakatira sa Estados Unidos;
- Matugunan ang mga pamantayan ng kita na inilarawan sa ibaba;
- Magsumite ng isang nakumpletong aplikasyon na may kinakailangang dokumentasyon, o kung hindi man ay matugunan ang itinatag na mga pamantayan para sa ipinagpapalagay na pagiging kwalipikado tulad ng inilarawan sa ibaba; at
- Makipagtulungan sa pag-apply para sa Medicaid o anumang iba pang programa sa pagbabayad ng third-party na maaaring available.

2. Mga Pamantayan ng Kita

- a. **Libreng Pangangalaga.** Kung napatunayan na ang kabuuang taunang kita ng pamilya ay nasa o mababa sa 250% ng Pederal na Mga Alituntunin sa Antas ng Kahirapan (*tingnan ang Kalakip na Dokumento 1*), posibleng maging kwalipikado ang isang pasyente para sa libreng pangangalaga (100% diskwento sa balanse sa account ng pasyente).
- b. **May Diskwentong Pangangalaga.** Kung napatunayan na ang kabuuang taunang kita ng pamilya ay nasa pagitan ng 251% at 550% ng Pederal na Mga Alituntunin sa Antas ng Kahirapan, posibleng maging kwalipikado ang isang pasyente para sa diskwento gaya ng ipinapakita sa Kalakip na Dokumento 1. Para sa mga pasyente na may insurance, ilalapat ang diskwento sa balanse sa account ng pasyente na matitira pagkatapos ilapat ang bayad mula sa insurance o mga third-party na magbabayad.

Patakaran sa Mga Programa sa Tulong Pinansyal

- c. **Kahirapan sa Pagbabayad ng Medikal na Serbisyo (Medically Indigent).** Posible ring magbigay ng pagsasaalang-alang para sa tulong pinansyal sa mga pasyenteng hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng kita sa itaas, pero lampas ang mga medikal na bill sa partikular na porsyento ng kita o mga asset ng pamilya.
3. **Mga Pondo sa Kama sa Ospital.** Ang isang pasyente ay maaaring maging kwalipikado na makatanggap ng tulong pinansyal mula sa mga libreng pondo sa kama na naibigay sa isang Ospital para magbigay ng pangangalaga medikal sa mga pasyenteng maaaring hindi kayang bayaran ang pangangalaga sa ospital. Ang mga pondong ito ay bumubuo ng isang maliit na bahagi ng kabuuang pagpopondo para sa tulong pinansyal na may pagiging kwalipikado na isinasaalang-alang ang mga paghihigpit ng donor at, kung naaangkop, ang mga nominasyon na ginawa ng mga nominador ng pondo. Ang lahat ng pasyenteng sumagot ng aplikasyon para sa tulong pinansyal ng YNHHS ay awtomatikong isasaalang-alang para sa mga pondo sa kama sa ospital.
4. **Iba pang Programa sa Tulong Pinansyal na Partikular sa Ospital.** Nagbibigay ang Greenwich Hospital ng tulong pinansyal sa ilang indibidwal na mga pasyente ng dating klinika ng pangunahing pangangalaga sa outpatient ng Greenwich Hospital para sa inpatient at mga serbisyong ambulatory sa Greenwich Hospital.

Patakaran ng Yale New Haven Health na gumawa ng mga desisyon tungkol sa tulong pinansyal nang walang diskriminasyon. Ang mga desisyon ay hindi isinasaalang-alang ang edad, gender, lahi, kulay, bansang pinagmulan, katayuang matrimonyal, katayuan sa lipunan o imigrante, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng gender, kaugnayan sa relihiyon, kapansanan, katayuang beterano o militar o anumang iba pang batayan na ipinagbabawal ng batas. Maaaring aprubahan ng YNHHS, sa pagpapasya nito, ang tulong pinansyal sa labas ng saklaw ng Patakarang ito.

D. Limitasyon sa Mga Singil Para sa Mga Serbisyo ng Ospital

Kapag naging kwalipikado ang isang pasyente sa ilalim ng patakarang ito para sa may diskwentong pangangalaga, pero hindi para sa libreng pangangalaga para sa mga kwalipikadong serbisyo ng Ospital, hindi sisingilin ang pasyente nang higit sa halagang karaniwang sinisingil (amount generally billed, “AGB”) sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa nasabing pangangalaga.

1. **Kung Paano Kinakalkula ang AGB.** Taon-taong kinakalkula ng YNHHS ang AGB para sa bawat Ospital gamit ang “look back method” sa ilalim ng mga pederal na regulasyon sa buwis at batay sa mga rate ng bayad para sa serbisyo ng Medicare, kasama ang mga halaga sa bahagi sa gastos ng benepisyaryo ng Medicare at sa lahat ng pribadong insurer ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa bawat Ospital na pasilidad para sa naunang piskal na taon. Posibleng ilapat ng YNHHS ang diskwentong porsyento ayon sa Ospital o posibleng piliin nitong gamitin ang diskwentong porsyento na pinakanaaangkop para sa mga pasyente ng YNHHS. Makikita ang mga diskwento ng AGB sa [Kalakip na Dokumento 1](#).

E. Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal

1. **Paano mag-apply.** Para mag-apply para sa tulong pinansyal, dapat kumpletuhin ng isang pasyente ang aplikasyon ng YNHHS para sa tulong pinansyal (“Aplikasyon”), maliban sa ibinigay sa ibaba. Available ang Aplikasyon:
 - a. Online sa www.ynhhs.org/financialassistance at sa website ng bawat Ospital ng YNHHS.
 - b. Nang personal sa anumang lugar para sa pagpasok bilang pasyente o pagrehistro ng Ospital ng YNHHS.

Patakaran sa Mga Programa sa Tulong Pinansyal

- c. Sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pagtawag at paghiling ng libreng kopya mula sa Mga Serbisong Pinansyal Para sa Pasyente (Patient Financial Services) sa (855) 547-4584.
2. **Aplikasyon.** Inilalarawan ng Aplikasyon ang (i) mga programa sa tulong pinansyal at mga kinakailangan para maging kwalipikado, (ii) ang mga kinakailangang dokumento para sa pagpapasya ng kwalipikasyon, at (iii) ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tulong na FAP. Ipinapaliwanag din ng Aplikasyon na (i) pasulat na tutugon ang YNHHS sa bawat Aplikasyon, (ii) maaaring mag-apply muli ang mga pasyente para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP anumang oras, at (iii) nagkakaroon ng karagdagang pondo sa libreng kama kada taon. Hindi puwedeng tanggihan ng YNHHS ang tulong pinansyal sa ilalim ng FAP batay sa pagkabisigong magbigay ng impormasyon o mga dokumento na hindi kinakailangan ng FAP o hindi kinakailangan ng Aplikasyon bilang bahagi ng Aplikasyon.
3. **Mga pasyenteng kwalipikado sa FAP.** Magsasagawa ang mga Ospital ng YNHHS ng mga makatuwirang pagsisikap para matukoy ang kwalipikasyon at idokumento ang anumang pagdesisyon sa kwalipikasyon sa tulong pinansyal sa mga naaangkop na account ng pasyente. Kapag natukoy ng YNHHS na kwalipikado sa FAP ang isang pasyente, ang YNHHS ay:
 - a. Magbibigay ng pahayag ng pagsingil na ipinapakita ang halaga na dapat bayaran ng indibidwal bilang isang pasyenteng kwalipikado sa FAP, kabilang ang kung paano natukoy ang halaga at sinasabi nito, o nilalarawan, kung paano makakakuha ang indibidwal ng impormasyon tungkol sa AGB para sa pangangalaga, kung naaangkop;
 - b. Ibabalik sa indibidwal ang anumang halaga na binayad niya para sa pangangalaga na higit sa halaga na natukoy na dapat niyang bayaran bilang indibidwal na kwalipikado sa FAP, maliban na lamang kung ang sobrang halaga ay mas mababa sa \$5, o anumang iba pang halagang tinukoy ng Mga Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS); at
 - c. Gagawa ng mga makatuwirang hakbang para ibalik ang anumang hindi karaniwang kilos sa pagkolekta.
4. **Ipinagpapalagay na Pagiging Kwalipikado.** Posibleng tukuyin ng YNHHS ang pagiging kwalipikado para sa libre o may diskwentong pangangalaga sa ilalim ng Patakaran na ito batay sa impormasyon hinggil sa lagay ng buhay ng pasyente na nakuha mula sa mga source maliban sa pasyente, kasama ang mga sumusunod o katulad na source:
 - a. Ang YNHHS, sa ngalan ng bawat Ospital, ay gumagamit ng third party na screening tool para tumulong sa pagtukoy ng mga indibidwal na may self-pay na balanse, na hindi nag-apply para sa tulong pinansyal, pero ang kita ay mas mababa o katumbas ng 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (*ibig sabihin*, kwalipikado para sa libreng pangangalaga). Kung natukoy ang isang pasyente sa pamamagitan ng prosesong ito, maaaring mabago ang kanilang mga natitirang balanse sa ospital sa pang-charity (libre) na pangangalaga.
 - b. Kaakibat ng YNHHS ang Yale Univeristy at ito ang akademikong sentro ng kalusugan para sa Yale School of Medicine. Ang mga pasyenteng walang insurance na pinagsisilbihan ng mga klinika sa pangunahing pangangalaga na pinapatakbo ng mga mag-aaral ng Yale University para sa mga indibidwal na may mababang kita, kabilang ang Haven Free Clinic, ay maaaring ipagpalagay bilang kwalipikado para sa libre o may diskwentong pangangalaga nang hindi kailangang magkumpleto ng aplikasyon para sa tulong pinansyal, kapag nakatanggap ang YNHHS ng kumpirmasyon sa isang

Patakarán sa Mga Programa sa Tulong Pinansyal

anyong katanggap-tanggap sa Senior Vice President, Revenue Cycle na ang isang tao ay pasyente ng anumang naturang klinika.

- c. Maaaring gamitin ng YNHHS ang mga dating pagpapasya sa kwalipikasyon para ipagpalagay na kwalipikado muli ang indibidwal para sa pang-charity na pangangalaga sa ilalim ng FAP na ito.

F. Kaugnayan sa Mga Kasanayan sa Pagkolekta ng YNHHS

Ang Ospital ng YNHHS (at anumang ahensya sa pagkolekta o ibang partido kung saan ito nag-refer ng utang) ay hindi gagawa ng anumang katangi-tanging aksyon sa pagkolekta (extraordinary collection action, “ECA”) bago ang 120 araw pagkatapos ng pag-isyu ng unang pahayag ng pagsingil pagkatapos ma-discharge para sa pangangalaga. Walang ECA ang kukunin hanggang sa gumawa ang YNHHS ng mga makatuwirang pagsisikap para matukoy kung ang isang pasyente o sinumang indibidwal na may pananagutan sa pananalapi para sa isang self-pay account ((Mga) Responsableng Indibidwal) ay kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP na ito bilang kinumpirma at inaprubahan ng Sr. Vice President, Revenue Cycle o ng kanilang (mga) itinalaga.

Susundin ng Ospital ang yugto ng Accounts Receivable nito alinsunod sa mga panloob na pagpapatakbo ng mga proseso at kasanayan. Bilang bahagi ng mga naturang proseso at kasanayan, aabisuhan ng YNHHS ang mga pasyente tungkol sa FAP nito mula sa petsang ibinigay ang pangangalaga at sa buong yugto ng pagsingil (o sa panahon na kinakailangan ng batas, alinman ang mas mahaba) sa pamamagitan ng mga pamamaraan na kinabibilangan ng:

1. Bibigyan ang lahat ng pasyente ng buod sa simpleng wika ng FAP na ito at isang form ng aplikasyon para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP bilang bahagi ng proseso sa paglabas o pagpasok sa Ospital.
2. Hindi bababa sa tatlong magkakahiwalay na pahayag para sa pagkolekta ay ipapadala o i-email sa huling alam na address ng pasyente at anumang iba pang Responsableng Indibidwal sa loob ng hindi bababa sa animnapung (60) araw; sa kondisyon, gayunpaman, na walang karagdagang pahayag na ipapadala pagkatapos magsumite ang (mga) Responsableng Indibidwal ng kumpletong aplikasyon para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP o magbayad nang buo. Ang pasyente o (mga) Responsableng Indibidwal ay dapat magbigay ng tamang address sa koreo sa oras ng serbisyo o sa paglipat. Kung ang account ng pasyente ay walang wastong address, ituturing na gumawa ang YNHHS ng “Mga Makatuwirang Pagsisikap” para matukoy ang pagiging kwalipikado ng pasyente sa ilalim ng FAP na ito. Kasama sa lahat ng statement ng account ng solong pasyente ang:
 - a. Isang buod ng mga serbisyo ng ospital na saklaw ng pahayag;
 - b. Ang singil para sa mga naturang serbisyo;
 - c. Ang halagang kailangang bayaran ng (mga) Responsableng Indibidwal (o, kung hindi alam ang halaga, isang tapat na pagtatantya sa petsa ng unang pahayag); at
 - d. Isang maliwanag na nakasulat na abiso ng pagkakaroon ng tulong pinansyal sa ilalim ng FAP kasama ang numero ng telepono ng departamento at direktang address ng website kung saan maaaring makakuha ng mga kopya ng mga dokumento.

Patakaran sa Mga Programa sa Tulong Pinansyal

3. Ang hindi bababa sa isa sa mga pahayag na ipinadala o na-email ay maglalarawan sa mga ECA na nilalayon ng YNHHS na kunin kung ang (mga) Responsableng Indibidwal ay hindi maga-apply para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP o babayaran ang halagang dapat bayaran sa takdang petsa ng pagsingil. Ang naturang pahayag ay dapat ibigay sa (Mga) Responsableng Indibidwal ng hindi bababa sa 30 araw bago ang takdang petsa na nakalagay sa pahayag. Ang isang buod sa simpleng wika ng FAP na ito ay kasama sa pahayag na ito.
4. Susubukan ng YNHHS na makipag-ugnayan sa (mga) Responsableng Indibidwal sa pamamagitan ng telepono sa huling alam na numero ng telepono, kung mayroon man, kahit isang beses sa panahon ng serye ng ipinadala o na-email na mga pahayag. Sa lahat ng pag-uusap, ipapaalam sa pasyente o (mga) Responsableng Indibidwal ang tungkol sa pinansyal na tulong na maaaring available sa ilalim ng FAP.
5. Alinsunod sa pagsunod sa mga probisyon ng FAP na ito, maaaring kunin ng YNHHS ang alinman sa mga ECA na nakalista sa Kalakip na Dokumento 2 sa pagsisikap na makakuha ng bayad para sa mga serbisyong medikal na ibinigay.

G. Availability ng Patakaran

Ang mga kopya ng FAP na ito, isang buod sa simpleng wika ng FAP na ito at ang Aplikasyon sa FAP ay makukuha sa www.ynhhs.org/financialassistance.

Gagawa ang YNHHS ng mga papel na kopya ng FAP na ito, isang buod sa simpleng wika ng FAP na ito at ang Aplikasyon sa FAP kapag hiniling, nang walang bayad, sa pamamagitan ng koreo o sa bawat Departamento ng Emergency (Emergency Department) ng YNHHS Hospital, at sa lahat ng lugar ng pagpaparehistro. Ang mga papel na form ay magiging available sa Ingles at ang pangunahing wika ng anumang populasyon na may limitadong kasanayan sa Ingles na bumubuo ng mas kaunti sa 1,000 indibidwal o 5% o higit pa sa populasyon na pinaglilingkuran ng YNHHS Hospital. Tingnan ang Kalakip na Dokumento 3 para sa listahan ng mga wika.

Ang mga pasyente ay dapat makipag-ugnayan nang libre sa Mga Serbisyo sa Negosyo ng Korporasyon sa (855) 547-4584 para sa impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado o sa mga programang maaaring available, para humiling ng kopya ng FAP na ito, buod sa simpleng wika ng FAP, Aplikasyon sa FAP, o Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ipapadala sa koreo, o para sa mga kopya ng FAP na ito, buod sa simpleng wika, o Aplikasyon sa FAP na isinalin sa isang wika maliban sa Ingles. Higit pa dito, maaaring tanungin ng mga pasyente ang Pagrehistro ng Pasyente (Patient Registration), Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente at Gawaing Panlipunan/Pamamahala ng Kaso (Social Work/Case Management) tungkol sa pagsisimula ng proseso ng pag-apply para sa FAP.

Kabilang sa mga higit pang pagsisikap para malawak na ipaalam sa publiko ang FAP ang paglalathala ng mga abiso sa mga dyaryo; pagbibigay ng nakasulat na abiso tungkol sa FAP sa mga pahayag ng pagsingil; pagbibigay ng abiso tungkol sa FAP sa mga pasalitang komunikasyon sa mga pasyente tungkol sa halagang dapat bayaran; at pagsasagawa ng mga open house at iba pang sesyon para sa pagbibigay ng impormasyon.

H. Pagsunod sa Batas ng Estado

Dapat sumunod ang YNHHS sa mga nauugnay na batas ng Estado, kasama, nang walang limitasyon ang Mga Pangkalahatang Batas ng Connecticut, na sumasaklaw sa Mga Pagkolekta ng Mga Ospital mula sa mga walang insurance na Pasyente, *Pambuong Estado na Pamantayan para sa Probisyon ng*

Patakaran sa Mga Programa sa Tulong Pinansyal

Kawangawang Pangangalaga ng Rhode Island na nakatalaga sa Seksyon 11.3 ng Departamento ng Mga Panuntunan at Regulasyon sa Kalusugan Hinggil sa Mga Conversion ng Ospital ng Rhode Island (ang “Mga Regulasyon ng RI”) at *Pambuong Estado na Pamantayan para sa Probisyon ng Walang Bayad na Pangangalaga* na nakatalaga sa Seksyon 11.4 ng ga Regulasyon ng RI, at Batas sa Sibil na Kasanayan ng New York na nagbabawal sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa NY sa paglalagay ng mga lien sa propyedad sa mga pangunahing tirahan ng indibidwal para mangolekta ng medikal na utang.

MGA SANGGUNIAN

- A. Internal Revenue Code 501(c)(3)
- B. Internal Revenue Code 501(r)
- C. Conn. Gen. Stat. § 19a-673 et seq.
- D. RI Regulations 11.3 at 11.4
- E. NY Civil Practice Law Section 5.201(b)

MGA KAUGNAY NA PATAKARAN

Pagsingil at Mga Pagkolekta

EMTALA: Medikal na Screening/Pag-stabilize, On-Call at Mga Kinakailangan sa Paglipat

MGA KALAKIP NA DOKUMENTO

- A. Kalakip na Dokumento 1: Federal Poverty Guidelines (FPG) & Financial Assistance
- B. Kalakip na Dokumento 2: Extraordinary Collection Actions
- C. Kalakip na Dokumento 3: Limited English Proficiency Languages

KASAYSAYAN NG PATAKARAN

A. Petsa ng Simula ng Patakaran	09/20/2013; 01/01/2017 (LMH at WH)
B. Nangingibabaw sa	Mga Programa sa Tulong Pinansyal para sa Mga Serbisyo ng Ospital ng Yale New Haven Hospital (NC:F-4); Patakaran ng Yale New Haven Hospital – Pamamahagi ng Mga Libreng Pondo sa Pangangalaga NC:F-2; Mga Programa sa Tulong Pinansyal para sa Mga Serbisyo ng Ospital ng Bridgeport Hospital (9-13); Pangkalahatang-ideya ng Mga Programa sa Tulong Pinansyal para sa Mga Serbisyo ng Ospital ng Greenwich Hospital; Lawrence + Memorial Hospital at Westerly Hospital Charity Care, Tulong Pinansyal, Patakaran sa Pondo sa Libreng Kama; Mga Patakaran at Proseso ng Greenwich Hospital Outpatient Center (Greenwich Hospital Outpatient Center Policies and Procedures)
C. Inaprubahan nang may Mga Pagbabago	01/21/2015; 09/30/2016; 12/16/2016; 06/01/2017; 07/15/2018; 6/15/2020; 11/30/2023; 2/28/2025
D. Inaprubahan nang walang Pagbabago	01/19/2023 (Update sa Kalakip na Dokumento 1); 01/24/2024 (Update sa Kalakip na Dokumento 1); 7/6/2024 (Na-update ang Kalakip na Dokumento 1); 1/30/2025 (Na-update ang Kalakip na Dokumento 1)

Patakaran sa Mga Programa sa Tulong Pinansyal

Kalakip na Dokumento 1

Pederal na Mga Alituntunin ng Kahirapan (FPG) at Tulong Pinansyal

Pana-panahong ina-update ang mga halaga ng FPG sa Pederal na Rehistro ng Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos. Available ang mga kasalukuyang halaga ng FPG sa <http://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines>

Simula Enero 29, 2026, ang mga halaga ng FPG ay ang mga sumusunod. Posibleng magbago ang mga halagang ito. Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng Patakaran ito ay makakatanggap ng tulong gaya ng sumusunod:

	Pangalan ng FAP	<u>Libreng Pangangalaga</u>	<u>May Diskwentong Pangangalaga</u>
	Kwalipikasyon sa Saklaw	Mga Pasyenteng Mayroon o Walang Insurance	Mga Pasyenteng Mayroon o Walang Insurance
	Diskwento	100%	Bridgeport Hospital – 69% Greenwich Hospital – 68% Lawrence + Memorial Hospital – 72% Yale New Haven Hospital – 67% Westerly Hospital – 76% Mga Provider na Hindi Ospital ng YNHHS – 65%
	Kwalipikasyon ng Kabuuang Kita	0% - 250% FPL	251% - 550% FPL
Laki ng Pamilya	1	\$0 - \$39,900	\$39,901 - \$87,780
	2	\$0 - \$54,100	\$54,101- \$119,020
	3	\$0 - \$68,300	\$68,301 - \$150,260
	4	\$0 - \$82,500	\$82,501- \$181,500
	5	\$0 - \$96,700	\$96,701- \$212,740

Taunang kinakalkula ang mga porsyento ng AGB. Ang taon ng kalendaryo 2026 sa AGB (% ng mga singil) kada Ospital ay: Bridgeport Hospital 31.47%, Greenwich Hospital 32.57%, Lawrence + Memorial Hospital 28.52%, Yale New Haven Hospital 33.89%, at Westerly Hospital 24.08%.

Kalakip na Dokumento 2

MGA HINDI KARANIWANG KILOS SA PAGKOLEKTA

Mga Lien sa Propyedad

Pinapahintulutan lamang ang mga lien sa personal na tirahan kung:

- a) Nagkaroon ang pasyente ng pagkakataong mag-apply para sa pondo sa libheng kama at hindi siya nakasagot, tumanggi, o natukoy bilang hindi kwalipikado para sa mga naturang pondo;
- b) Hindi nag-apply ang pasyente o kwalipikado para sa iba pang tulong pinansyal sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng System, para tumulong sa pagbabayad ng kanyang utang, o naging kwalipikado, nang bahagya, pero hindi pa nabayaran ang bahaging dapat niyang bayaran;
- c) Hindi sinubukan ng pasyente na gumawa o sumang-ayon sa isang kasunduan sa pagbabayad, o hindi sumusunod sa mga kasunduan sa pagbabayad na pinagkasunduan ng System at pasyente;
- d) Ang kabuuang halaga ng balanse ay higit sa \$10,000 at ang (mga) propyedad na mapapasailalim sa lien ay mayroong tinasang halaga na hindi bababa sa \$300,000; at
- e) Hindi magresulta ang lien sa pagreremata (foreclosure) ng personal na tirahan.
- f) Para sa provider ng pangangalagang pangkalusugan sa New York, hindi pinapahintulutan ang mga lien sa mga personal na tirahan.

Kalakip na Dokumento 3

Mga Wika para sa Mga May Limitadong Kahusayan sa Ingles

Albanian
Arabic
Bengali
Chinese (Simplified)
Chinese (Traditional)
Dari
French
Greek
Gujarati
Haitian Creole
Hindi
Italian
Korean
Lao
Pashto
Polish
Portuguese (Brazil)
Portuguese (European)
Russian
Espanyol (US)
Tagalog
Turkish
Ukrainian
Urdu
Vietnamese